

## Pag-aalis ng mga hadlang sa trabaho para sa mga imigranteng kababaihan

Marso 08, 2023

Ang Pamahalaan ng Alberta at Canada ay nagdaragdag ng pag-akses sa mga trabaho para sa mga imigranteng kababaihan sa lumalaking lisensyadong sektor ng pangangalaga ng bata sa lalawigan.

Ang pagkuha ng ligtas, mahusay na kalidad at abot-kayang pangangalaga sa bata ay napakahalaga sa pagtitiyak na ang mga magulang sa Alberta ay makakabalik sa trabaho at mapapasulong ang paglago ng ekonomiya sa lalawigan. Kasabay ng pangako sa paglikha ng kabuuan na hanggang 68,700 na mga bagong lisensyadong lugar ng pangangalaga sa bata pagsapit ng 2026, hanggang 9,000 mga bagong tagapagturo sa maagang pagkabata ang kakailanganin upang ganap na malagyan ng kawani ang mga puwang na ito.

Ang pamahalaan ng Alberta ay nakipagsosyo sa pamahalaang pederal upang mamuhunan ng mahigit sa \$1.4 milyon para sa isang piloto na proyekto sa Asosasyon ng mga Imigranteng Kababaihan sa Calgary (Calgary Immigrant Women's Association) upang matulungan ang mga imigranteng kababaihan na magsimula o mapaunlad ang mga karera bilang mga sertipikadong tagapagturo ng maagang edukasyon sa pagkabata. Ang pilotong proyekto ay idinisenyo upang alisin ang mga hadlang at pabutihin ang pagkuha at pagkumpleto ng post-sekondaryong edukasyon sa maagang edukasyon sa pagkabata at iba pang mahahalagang pagsasanay bago ang trabaho.

Sa pamamagitan ng pagsasanay ng mga kababaihan mula sa iba't ibang mga komunidad at mga pinagmulan sa edukasyon sa maagang pagkabata, ang proyektong ito ay magdaragdag din sa mapagpipilian ng magulang para sa mga opsyon sa pangangalaga ng bata na tumutugon sa mga pangangailangan sa kultura, lingguwistika at pag-aaral ng kanilang mga anak.

Ang pilotog proyekto ay sa pakikipagtulungan sa Bow Valley College, na magbibigay ng Antas 1 at 2 na pagsasanay sa tagapagturo sa maagang pagkabata sa tatlong online stream

### Kaugnay na impormasyon

#### Multimedia

[Makinig sa kumperensya ng balita](#)  
[Panoorin ang kumperensya ng balita](#)

#### Mga katanungan sa media

Chinenye Anokwuru  
Chinenye.Anokwuru@gov.ab.ca)  
780-720-1915  
Nakatataas na Kalihim ng Press,  
Mga Serbisyo sa mga Bata

depende sa antas ng wika at karunungan na bumasa't sumulat ng mga mag-aaral.

Ito ay idinisenyo upang suportahan ang walang hadlang na pag-akses sa merkado ng trabaho para sa mga kababaihang imigrante, habang inilalagay sila sa mga karera na magpapalakas sa ekonomiya at sa lisensyadong sektor ng pangangalaga sa bata ng Alberta.

Ang pagsasanay ay ipagkakaloob sa humigit-kumulang 230 mga imigranteng kababaihan at gumagamit ng isang virtual na modelo ng paghahatid upang ang mga mag-aaral ay makatanggap ng pasadyang pagsasanay na naaayon sa kanilang mga indibidwal na pangangailangan. Susuportahan din ng pilotong proyekto ang mga serbisyo sa paglalagay ng trabaho sa mga kliyente.

Pinondohan sa pamamagitan ng Kasunduan sa Maagang Pag-aaral at Pangangalaga sa Bata sa Buong Alberta-Canada Buong Canada [Alberta-Canada Canada-wide Early Learning and Child Care (ACELCC)], ang pilotong proyekto ay isa sa maraming mga aksyon na patuloy na magbibigay ng mas mataas na pagkuha sa at sumusuporta sa pagkumpleto ng post-sekundaryong mga programa ng edukasyon sa maagang pagkabata, at tutulong na mag-akit, magpanatili, magsanay, at magpatunay sa mga tagapagturo ng maagang pagkabata upang suportahan ang paglago ng sistema ng pangangalaga sa bata ng Alberta.

## Mabilis na mga Katotohanan

- Bilang bahagi ng \$3.8 bilyong Kasunduan sa Maagang Pag-aaral at Pangangalaga sa Bata sa Buong Alberta-Canada Buong Canada [Alberta-Canada Early Learning and Child Care (ACELCC)], humigit-kumulang \$300 milyon sa loob ng limang taon ang inilalaan upang tulungan ang mga tagapagpatakbo ng pangangalaga sa bata sa pag-eempleyo ng mas maraming tagapagturo sa maagang pagkabata at panatilihin ang mga nagtatrabaho na sa buong lalawigan.
- Bilang bahagi ng kasunduan nito sa buong Canada, ang Alberta ay nangakong tiyakin na ang pangangalaga ng bata sa Alberta ay sumasalamain sa magkakaibang mga komunidad at mga partikular na pangangailangan sa ating lalawigan.
  - Ang \$1.4 milyon na kaloob ay popondohan sa pamamagitan ng haligi ng Inklusyon ng kasunduan sa Maagang Pag-aaral at Pangangalaga sa Bata sa Buong Alberta-Canada Buong Canada [Alberta-Canada Canada-wide Early Learning and Child Care].
- Upang makatulong na maakit at mapanatili ang mga tauhan sa mga lisensyadong lugar ng pangangalaga ng bata, ang pamahalaan ng Alberta ay:
  - Nagdagdag ng kapasidad sa pagpapatala para sa libreng antas 1 na kurso ng oryentasyon sa pangangalaga ng bata mula sa 4,000 hanggang 10,000 na mga lugar.
  - Nagtaas ng mga pagdaragdag sa sahod ng hanggang \$2, depende sa antas ng sertipikasyon (\$0.50 para sa Antas 1, \$1 para sa Antas 2, at \$2 para sa Antas 3).

Ang Alberta ay nasa landas upang matugunan ang pangako sa Kasunduan sa Maagang Pag-aaral at Pangangalaga sa Bata sa Buong Alberta-Canada Buong Canada [Alberta-Canada Canada-Wide Early Learning and Child Care] na bawasan ang mga bayarin sa pangangalaga ng bata para sa lisensyadong pangangalaga ng bata sa karaniwang \$10 bawat araw sa 2026.